

Ang mga Pakikibaka ng mga Ayta noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig: Isang Panimulang Kasaysayan



Analyn B. Muñoz

Unibersidad ng Pilipinas-Baguio

Si **Muñoz** ay kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Kasaysayan at Pilosopiya sa Unibersidad ng Pilipinas-Baguio. Nagtapos siya ng BA Kasaysayan, *cum laude*, noong 2005 at MA Kasaysayan noong 2012 sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Pangunahing interes ng kanyang pananaliksik ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at Okupasyong Hapon sa Pilipinas. Ilan sa kanyang nailimbag na pananaliksik ay, “Ang Diwa ng Gerilyaismo sa Panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Bayan ng Morong” (2012); at “Ang Kababaihang Marking ng Morong Rizal” (2010).

Abstrak

Ang mga Ayta ay kadalasang itinuturing na “minoridad lamang” kasama ng mga katutubong pangkat sa bansa. Isang trahedyang maituturing na wala silang nasusulat na kasaysayan. Kung mayroon man, ang mga ito ay naisulat ng mga kolonisador kaya’t ang pananaw ay maka-kanluran. Subalit, may positibong mensaheng mapupulot mula sa halos kawalan ng presensya nila sa mga talang kolonyal. Hindi sila naabot ng mga banyagang mananalaysay dahil hindi sila napasailalim sa kapangyarihang kolonyal. Ang kabundukan bilang likas na tahanan ang naging likas na depensa rin nila mula sa banta ng kolonyalismo, partikular na noong panahon ng Hapon. Kaugnay nito, layunin ng pananaliksik na talakayin ang papel ng mga Ayta noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, partikular ang pakikibakang gerilya sa Bulubunduking Zambales. Gamit na batis ang mga naisulat ng mga Amerikanong gerilya at ilang panayam sa mga buhay na gerilyang Ayta, nakatuon ito sa malaking impluwensya ng kanilang kultura sa pakikibaka ng mga gerilyang Amerikano. Binigyang-diin ang kahalagahan ng papel ng mga Ayta sa pagtatagumpay ng laban sa mga Hapon at sa pambansang pagkilos ng mga gerilya.

Mga Susing Salita

Ikalawang Digmaang Pandaigdig, Kalinangang Negrito, Kasaysayan ng mga Ayta, Bulubunduking Zambales



HASAAN

Ang matandang kasaysayan ng mga katutubo ay agad na pumasok sa rekord ng mga Espanyol mula huling bahagi ng ika-16 na siglo hanggang sa huling siglo ng pananatili nila rito noong ika-19 na siglo (Plasencia 195-196; Mozo 93-103; Bacon 80-86). Sa tagal ng panahong ito, masasabing ang mga obserbasyon ng mga banyaga hinggil sa kanila ay halos hindi nagbago. Parepareho nilang ipinalagay na ang mga Ayta ay napakatagal nang naninirahan sa arkipelago kung kaya't maaaring sila ang orihinal na maninirahan dito (Bacon 80).

Iba-iba ang lokal na katawagan sa mga katutubo batay sa heograpikal na lokasyon. Tingnan ang sumusunod na talahanayan.

Talahanayan 1: Katawagan sa mga Katutubong Ayta batay sa Lalawigan

Lalawigan	Katawagan
Tayabas (kasalukuyang Quezon)	Abian, Bihug, Umag, Ata, Manidi, Atid, Itim, Ita, Agta, Aita
Camarines Norte	Abian, Bihug
Camarines Sur	Abian, Atid, Manidi, Agta
Bulakan	Baluga, Dumagta
Albay	Agta
Sorsogon	Agta
Pampanga	Ita, Aita
Bataan	Ita, Aita
Zambales	Ita, Ta'un Pangolo, Mangayan
Tarlak	Kulaman, Baluga, Sambal, Aburlan
Rizal	Aita, Baluga
Ilokos	Agta
Apayao	Agta

(Mula sa Noval-Morales at Monan 13)

Bunsod ng pamilyaridad ng *Aita* batay sa talahanayan, gagamitin ang terminong “Ayta” sa pananaliksik na ito. Ito rin ang gamit na pantukoy sa mga Aytang nakapanayam sa Tarlak, sa loob o labas man ng kanilang grupo. Madalas ding babanggitin ang “Negrito” na siyang holistikong salita na sumasakop sa lahat ng pangalang lokal ng katutubong pangkat (Noval-Morales at Monan 12).

Karaniwang hindi pumipirmi ang mga Ayta sa isang lugar. Bihira silang magtagal na kung mangyari ay nauwi sa pagkakabuo ng isang nayon. Maliban sa pangangaso, pangangalap, at pangangisda, nakikipagkalakalan din

silang pamayanang kolonyal. Ipinagpapalit nila ang pinulbos na ginto, pagkit, pulot, atbp. (Bacon 80).

Nang manakop ang mga Espanyol, ang bulubundukin ay itinuring na pinamumugaran ng mga “maiitim” na kalaban ng mga kolonisador. Samantalang ang mga Indio naman ay inaakyat ang mga Negrito sa bundok upang makipagpalitan ng wax kapag tag-init (Perez 291). Ang mga katutubong nasa interyor ng kabundukan ay nakapagtatag ng mas pangmatagalang pamayanan na may kalakihan. Pinalakas ang depensa nito ng mga plantasyon ng kawayang may tinik. Mayroon ding kanal at patibong. Lahat ng uri ng depensa na kayang maimbento ng mga Ayta ay ginawa upang hindi sila agad matunton ng mga tropang Espanyol. Marami rito ang matibay at di mapasok gaano man kalakas ang mga kalaban dahil sa kalikasan ng mga lusutan at sa kamangha-manghang husay pumana ng mga Negrito. May ilang pagkakataong nagagawa nilang maitaboy ang 100-200 tropang kolonyal (Bacon 81).

Hanggang noong ika-19 na siglo, napakaraming bagay pa rin ang hindi nababatid sa mga Ayta. Sa kabila ng dami ng ipinadalang misyon upang sila’y mabinyagan at masakop, bigo ang mga kleriko (Bacon 83-86). Dahil dito, itinuring ng mga Espanyol ang mga Ayta gaya ng mga Baluga ng Pampanga bilang mas mababang uri ng dunong kung ikukumpara sa ibang grupo sa kapuluan kaya naging imposible na ipakilala sa kanila ang ‘sibilisasyon’ (Mozo 95). Sila raw ay nasa estado ng matinding barbarismo at katunggakan. Kung may positibo man sa kanila, ito ay ang pagiging masayahin, kuntento at kawalan ng mga alalahanin sa buhay (Mozo 98).

Ang mga nabanggit na impormasyon, hindi ang persepsyon sa itaas ay batay sa mga obserbasyon ng mga Espanyol at banyagang manunulat. Sa pag-aaral na ito, ilalahad naman ang mga tala batay sa mga personal na akda ng mga Amerikanong gerilya at dalawang panayam sa mga gerilyang Ayta mula sa Bamban, Tarlac upang mabigyang-pansin ang kasaysayan ng pakikibaka ng mga Ayta sa Bulubunduking Zambales noong ikalawang digmaang pandaigdig.

Bulubunduking Zambales

Ang Kabundukan ng Zambales ay tumatawid sa apat na lalawigan: Pampanga, Tarlac, Bataan at Zambales, lahat ay bahagi ng Gitnang Luzon (Dizon 3). Inookupa ng kabundukan (kasama ang baybayin sa kanluran) ang 30 kilometrong lapad ng lupain sa bandang silangan ng Lalawigan ng Zambales. Tinatawag din itong Kanlurang Kordilyera at umaabot hanggang Golpo ng

HASAAN

Lingayen, habang nasa hilagang-silangan ay Tarlac at sa timog-silangan ay Pampanga.

Malaking parte ng kabundukan ay kagubatan (Bactad 25). Mayaman ito sa puno na pinagkukunan ng magagandang uri ng kahoy, dagta (resin), bejuco at sera (beeswax) (Reed 24). Sa madaling salita, akma at mainam sa paggegerilya ang mabundok at magubat na mga katangiang ito. Hindi madaling matunton ang isang taong nagkukubli sa kaloob-looban nito. Ang makapal namang gubat ay bagay rin sa digmaang gerilya, partikular sa biglaang pagsalakay at pananambang sa mga kaaway na magtutulak paurong sa mga ito, o magbubunga ng pagkatalo. Ang mga kondisyong ito ang nagbigay ng malaking bentahe sa parte ng mga gerilyang lumaban sa mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Bactad, 25-26).

Pananaw sa mga Ayta ng mga Banyagang Manunulat

Kalimitan sa manunulat na banyaga ay tahasang halos puro negatibo ang perspektiba sa mga Negrito subalit may bahagyang pagkakaiba ang kay William Allan Reed, may-akda ng *Negritos of Zambales*. Aniya,

The countenance of an average Negrito is not dull and passive, as might reasonably be expected, but is fairly bright and keen, more so than the average Malayan countenance. The Negrito also has a look of good nature – a look usually lacking in the Malayan. His knowledge of things other than those pertaining to his environment is, of course, extremely limited, but he is possessed of an intellect that is capable of growth under proper conditions. He always manifests the most lively interest in things which he does not understand, and he tries to assign causes for them (Reed 63).

Kapansin-pansing may ilang positibong obserbasyon at opinyon si Reed sa grupo na sa unang tingin ay tila may pagpanig at simpatya siya sa grupo. Ngunit, kung susuriin ang kanyang pahayag, mahihiwatigan ang tonong nakukulangan siya sa antas ng kaalamang taglay ng isang Negrito bunsod ng limitadong kapaligirang ginagalawan nito. Kung kaya naman, “under proper conditions,” na mahihinuhang tumutukoy sa kabuuang sistemang bitbit ng imperyalismong Amerikano, ay mapauunlad ang angking potensyal pang-intelektwal ng mga ito.

Di mabilang ang pagdiriin sa mga kakulangang ito ng mga katutubo na katumbas ng pagdiriin din sa pangangailangan ng imperyalismo na siyang magpupuno at mag-aangat ng kaalaman, kakayahan, at sa huli ay pangkalahatang pamumuhay ng mga ito:



Natural phenomena he is unable to explain. When the sun sets it goes down behind a precipice so far off that he could not walk to it, but he does not know how it got there except that thunder and lightning bring it. The mathematical knowledge of the Negritos is naturally small... They have no weights or measures except those of the civilized natives, but usually compare things to be measured with some object. Distance is estimated by the time taken to walk in, but they have no conception of hours (Reed 63-64).

Ang oryentasyon ng librong ito ni Reed ay higit na mauunawaan sa kaalamang ito ay isa sa mga pangunahing publikasyon ng Ethnological Survey for the Philippine Islands (1903), ang dating Bureau of Non-Christian Tribes (BNCT) na inorganisa noong 1901 bilang bahagi ng Department of Interior. Ito ang kongkretong pagtupad ng pangkalahatang polisiya ng Estados Unidos sa Pilipinas- ipasailalim sa kanyang mga paniniwalang politikal at kultural. Makatutulong ito upang mabigyang-katwiran at mapadali ang pagkontrol ng una sa huli. Ang BNCT ay mamamalas bilang kapwa penomenang politikal at kultural ng panahong ito (Rodriguez 2).

Si Reed ay may direktang pakikisangkot sa ahensya nang pansamantala siyang umupong puno nito nang wala si Dean Worcester (Rodriguez 6). Ang mga etnograpihong gawa gaya ng sa kanya ay mahuhusgahang hitik sa rasismo at mga kaisipang nagsusulong ng ebolusyong kultural (Rodriguez 4). Sa siniping depinisyon ni Rodriguez sa rasismo mula kay Rydell, ito ay:

“a system of beliefs that holds that one group of people is superior to another in moral, cultural and intellectual qualities – qualities that are alleged to pass from one generation to another through heredity” (sipi sa Rodriguez 4).

Rasismo at ebolusyong kultural ang dalawang nangibabaw na balangkas pangkaisipan sa pananaliksik ni Reed na litaw sa mga siniping bahagi sa itaas. Idagdag pa ang sinasabing obligasyong moral ng lahing puting kinabibilangan ng mga Amerikano na palaganapin ang kanilang sibilisasyon sa daigdig na kaakibat naman ng paniniwalang sila ay superior. Ito ang “The White Man’s Burden” na orihinal na tumutukoy sa pamagat ng tula ni Rudyard Kipling. Kaugnay pa nito ay ang pagrerepresenta sa Amerika bilang “ama” at sa kolonya bilang “anak” ng sibilisasyon (Rodriguez 4-5). May kinalaman sa akda ni Reed:

They are much like children in their curiosity to see the white man’s belongings (64).

HASAAN

Hindi maikakailang ang akda at may-akda ay produkto ng panahon at politika ng kolonyalismo na nag-anak at kumasangkapan ng ideyolohiya at diskursong lumikha ng imaheng katutubo na maiiwanang pamanang kolonyal sa kaisipan ng mga Pilipino. Gaya ni Reed, ang mga Amerikanong gerilya ay magiging mga manunulat hinggil sa mga katutubo. Tulad din niya, lumutang ang pansariling pananaw ng mga ito sa kanya-kanyang akda hinggil sa mga Ayta na tatangkaing tapatan, hamunin, at/o ituwid ng sarili nating perspektibang Pilipino.

Ugnayan ng mga Ayta sa mga Amerikano Bago ang Digmaan

Pinamunuan ni Major Claude Thorpe, ang mga Amerikanong gerilya sa Luzon. Ayon sa atas ni Hen. Douglas MacArthur (Hunt at Norling 96). Enero 1942 nang ibahagi niya sa mga pinamumunuang Amerikano ang ideya ng digmang gerilya: isang grupo ang lihim na papasok sa kampo ng mga Hapon, magpupuslit ng mga suplay bago umurong sa Bataan, tutungo sa Clark Field para pasabugin ang mga eroplanong Hapon at gumawa ng mga pananabotahe. Humigit-kumulang isang dosenang Amerikano at Pilipino ang nakiisa sa pagsasakatuparan nito, kabilang ang noo'y si Sarhento Alfred Bruce, isang *noncommissioned officer* na nakilala ni Thorpe sa Fort Stotsenberg (Lapham at Norling 13-14).

Subalit, bago pa man magdigmaan ay may interaksyon na ang mga Negrito sa mga Amerikano. Ang Fort Stotsenberg/Clark Field ay malapit sa kabundukan kaya simula pa lamang okupahin ito ng mga Amerikano, ang mga Negrito, bunsod ng kuryosidad ay bumababa upang makita ang mga ito. Nakakilala tuloy sila ng mga sundalo na nakagawiang anyayahan sila sa mga okasyong kagaya ng *Thanksgiving*, Pasko, Bagong Taon, at Ika-4 ng Hulyo. May matandang bulaos (trail) para sa tropang nakakabayo rin na tumatagos mula Stotsenberg hanggang pakanluran sa Iba, Zambales. Sinadya ito upang madaling makalikas ang mga sundalo sakaling may mangyaring pag-atake. Para sa isang Amerikano, mainam ang lokasyon na iyon at panatag ang loob nito kasama ang mga katutubo. Nangangabayo ang mga ito sa kabundukan tuwing dulo ng sanlinggo at nakakikilala ng mga Ayta. Dinadalhan ng una ng asin, posporo, at damit ang huli na papalitan naman nito ng busog, pana, at iba pang gamit na ituturing na souvenir ng una. Ang mabuting pagtrato ng mga Amerikano ang dahilan sa pagiging palakaibigan at matapat ng mga katutubo. Kaya nang bombahin ng mga Hapon ang bansa, halos awtomatikong naging kaaway sila ng mga Ayta. Dahil sa mga nabanggit na bentahe, naisip ng isang Amerikano na kung kakailanganing tumakas, sa Stotsenberg siya pupunta (Decker 110).

Gayundin, bago pa man tumuntong si Bruce sa Bamban, may mga Ayta ng nagtatrabaho sa Fort Stotsenberg gaya ni Pedro Margarito na itatalagang lider ng mga kagrupong at magkakaroon ng ranggong tinyente bilang gerilya (Wage 1). Isa si Emiliano Sanchez, mahigit 80 taong gulang na ngayon, sa mga unang nakakita kay Bruce na hindi naman sugatan nang makita nila, nanghihinalang (Sanchez-a at dela Cruz-a). Ayon sa isang akda, ang magandang relasyon ng mga Amerikano sa mga Ayta ay napakinabangan ng una noong digmaan (Meixsel 74). Kawangis ito ng ipinahayag ni Sanchez at ng kapwa gerilyang si Pan Paruman, mahigit 100 taong gulang na, na may malapit na silang relasyon sa mga Amerikano na “mababait pa” (Paruman at Sanchez-b).

Naging tulay naman ni Conner ang tapat na Pilipinong taga-Zambales upang makilala ang magkapatid na katutubong Humbo at Mario na nagtakas sa kanya paakyat ng Kabundukan ng Zambales (Welch 171).

Pag-oorganisa sa mga Gerilyang Ayta

Maagang naging bahagi ng digmaan ang mga Ayta, bago pa magkasundo ang grupo ni Thorpe sa pagpapasimula ng organisasyong gerilya. Disyembre 1941 ay may naitala ng paglaban ang mga taga-Bamban. Pinamunuan sila ni King Tomas. Binitbit niya ang pugot na ulo ng pilotong Hapon sa opisina ni Hen. John Wainwright at nagsabing tama lamang na pugutan ang kaaway ng Amerika sa nagsisimulang digmaan (dela Cruz 2). Ang katotohanang ito ay nagpapatibay sa ating kaalaman na mga Pilipino ang unang nag-organisa bilang gerilya hindi pa man ito nasimulan ng mga Amerikano (Baclagon 161).

Ayon kay Paruman, sila ay sinimulang sanayin ng mga Amerikano sa Fort Stotsenberg/ Clark Field bilang parte ng combat battalion. Sila rin ay pinagawa ng mga daan at pinagdadala ng mga kabayo ng mga Amerikano. Lahat ng opisyal nila noon ay Amerikano (Paruman at Sanchez-b). Hindi magsisimula sa wala ang pag-oorganisa ni Bruce bilang gerilyang lider. Siya ang makikinabang sa pagsasanay na nasimulan ng mga kapwa Amerikano.

Agosto 1943 naman nang maisip ni Conner na makipag-alyansa sa mga Ayta (Welch 181) dahil kailangan nilang mga Amerikano ang tulong ng mga ito (Welch 183). Napakalapit ng kanilang lokasyon sa Fort Stotsenberg na kinahihimpilan ng mga sundalong Hapon. Kapag nagbalik na ang hukbong Amerikano, makapag-uulat sila ng mahahalagang impormasyon ukol sa galaw ng mga ito. Ang mga Negrito naman na ilang milya lamang ang layo, oras na kanyang ma-organisa, ay walang makagagapi.

HASAAN

Walang espiya ng mga Hapon ang maaaring magpanggap na Negrito. At ang pakikipag-alyansa sa kanila ay para rin galitin at pahirapan ang mga Hapon. Isa pa, walang sino mang nakaalam maglabas-masok ng kagubatan kundi sila. At higit sa lahat, ang mga Ayta ang tanging natitira nilang pag-asa upang manatiling buhay sa giyera at makauwi sa kani-kanyang pamilya (Welch 183). Mga Ayta ang nagsuplay ng pagkain nila gaya ng saging, baboy-ramo, atbp. (Welch 189-190). Hindi naging madali kay Conner na makuha ang tiwala ng lider na Negrito na si Kodiario Laxamana na diumano ay nagwikang:

As you have heard, a white man, Major Conner, is coming here with my two nephews, Maurio and Humbo. We are not sure of his purpose, but it is definite that a white man would not make so difficult a trip for nothing. Maybe he is a spy. I knew many white men before the war, and they were very good to me, but now these men are prisoners. Major Conner is a stranger to us. It has been said by the Filipinos that many of these white men are friendly with the enemy. They call themselves Germans. It may be that he is seeking personal information of our lands and holdings. You must hide all your personal possessions and stolen carabaos. Let him see nothing (Welch 193).

Gaya ng mga nasa Tarlak, nakakaharap na rin nila ang Amerikano bago pa magdigmaan. Ang suot nga ni Laxamana ay American campaign cap, baro ng sundalo, maikling pantalon, at nakayapak. Marunong din siya ng bahagyang Ingles (Welch 194-195). May ipinakita siyang kompas kay Conner na nakuha sa isang Amerikanong sundalong pinatay ng kapwa katutubo. Sa tingin ni Conner, isa itong regalo mula sa lider (Welch 201).

Tila isang butas ng karayom ang pinagdaanan ng Amerikano upang makatiyak siyang matatag ang bigkis na nag-uugnay sa kanya kay Laxamana at sa mga pinamumunuan nito. Una ay nagduwelo sila. Siya ang nagwagi at hininging “premyo” ang pakikipagkaibigan nito. Ikalawa ay pumagitna silang mga Amerikano sa mauwi sanang madugong paghaharap ng mga Ayta at mga nasa kapatagan. Hindi sinasadyang napatay ng tagapatag ang isang kabataang katutubo. Nais ng mga Ayta na isuko at parusahan ng kamatayan ang nakapatay. Nagkaroon ng mapayapang pag-uusap na nauwi sa kasunduan ng pagtutulungan ng tatlong grupo. Nagbunga rin ito ng pagpabor at tiwala ng mga Negrito sa mga Amerikano (Welch 199-205). Panghuli, sa inisyatiba ni Conner nagpakasal siya sa anak ni Kodiario bilang isang “pagsasanib ng tribo” (tribal union), upang maging ganap ang kanilang ugnayan.

Ang praktikalidad ng pagpapakasal ang nagtulak sa Amerikanong ituloy ito. Nakita nitong wala nang iba pang uri ng pakikipag-ugnayan sa mga Ayta

ang magiging pinakamatatag kundi ito. Ito ang magtatali sa kanila sa mga ito, bagay na desperadong makamit ni Conner, at siyang mainam para sa kanilang pansariling kapakanan. Walang nabanggit si Welch na nakaramdam ng totoong pag-ibig ang Amerikano sa anak ni Laxamana kaya humantong ito sa pagpapakasal. Ang nangibabaw kung gayon ay hindi ang dalisay na hangarin sa pag-iisang dibdib kundi ang pagtinging ito ang praktikal at pinakamabisang solusyon sa mga agam-agam at personal na problema ng mga sundalong Amerikano. Bilang istrategiya, hindi maiwasang may sangkot na pananamantala sa ikinilos ni Conner kapalit ng katuparan ng mga balaking may kinalaman sa personal na kaligtasan. At kung totoo man na nabatid niya ang kultura ng pag-aasawa ng mga Ayta na nagpapahintulot ng diborsyo (Reed 61), ang pagkatuklas dito ay katumbas sa pagkahantad nito sa mga tagalabas na gaya niya na nauwi sa manipulasyon ng kultura. Ang pagkatuto ng kulturang Ayta ay naging isang napakalaking bentahe sa pangkat ni Conner.

Kinilala ng mga Aytang pinamumunuan ni Laxamana ang pamumuno ni Conner at mapapabilang sa 155th Provisional Guerrilla Battalion na itinatag noong ika-2 ng Disyembre 1943 sa Kabundukan ng Pampanga bilang base. Dalawang kompanya ng mga Ayta ang kasapi at isang kompanya ng Philippine Scouts, mula 50-100 lalaki. Saklaw ng grupo ang Pampanga, Silangang Zambales at Tarlak (Decker 140).

Ang Ayta sa Mata ng mga Amerikano

Inihalintulad ni Conner sa mga Amerikanong Indian ang mga Negrito na kapwa mga mapapayapang tao. Subalit, sila rin ay:

a proud, turf-oriented people who, when pushed, pushed back – at times with all the subtlety of their pig traps: bamboo spears attached to a bent, spring-loaded tree, their power unleashed when someone dared to intrude on Negrito territory and tripped the trigger (Welch 181).

Kung hindi man hari ng kagubatan, sila ay puwersang hindi maipagwawalang-bahala:

Dark-skinned and small, they blended into the palm-leaved jungle as if part of the trees and plants themselves. Negrito tribes to the north were called Pugots, which, in that region’s dialect, meant “goblin” or “forest spirit.” They understood the nuances of the jungle. They took advantage of its resources like nobody else. And, at times, they defended it with bravado that meant bloodshed (Welch 181).

HASAAN

Simple ang kanilang mga kagamitang pandigma: sibat, sumpak, búzog at pana na kaya namang mahati o matusok ang ibong sinlaki ng kamay, o mata ng sundalo hanggang sa layong 20 talampakan. Paglalarawan ng isang Briton na tumira sa Zambales :

“Their arrows... were often works of art, very fine and neat patterns being burnt on the bamboo shafts. The feathers on the heads were large, and the steel points were very neatly bound on with rattan. These steel points were often cruel-looking things, having many fishhook-like barbs set at different angles, so that if they once entered a man’s body it would be impossible to extract them again.” The women fashioned enormous baskets that they carried on their backs, and “raincoats” made of palm leaves that spread, like fans, around the body. “Whenever I met them they were always smiling” (Welch 182).

Ayon kay Welch, walang interes o pakialam ang mga Negrito sa pagwawagi ng mga Hapon sa digmaan ni sa mga nagbalik na puwersang Amerikano upang bawiin ang Luzon. Wala rin daw silang ideya kung saan nagmula ang mga ito at kung bakit sila nasa Pilipinas. Hindi sila interesado sa maraming bagay maliban na lamang sa kanilang “primitibong” pamumuhay daan-daang taon na ang nakararaan (Welch 182). May bahid ng katotohanan ang pahayag na walang ganap na pamilyaridad o malalim na kaalaman ang mga katutubo sa pag-iral ng mga Amerikano dahil namuhay naman sila nang matagal na panahon nang wala ang mga ito at kung tutuusin nadamay lamang sila sa digmaan.

Ayon naman sa dokumentong naglalaman ng kasaysayan ng yunit-gerilya ni Bruce, ang mga katutubo ay:

...these primitive dwellers who knew nothing of what America is fighting for, who knew nothing of the concepts of democracy, were keeping the midnight oil of guerilla warfare burning, sometimes dimly and at times fierce. As these dwellers were somewhat living apart but in groups of shacks of what might be called a mountain community... (Wage 1)

Sa malaking parteng ginampanan ng mga Negrito sa digmaang gerilya, nag-ambag sila ng ibang pag-unawa sa uri ng pagkilos na ito. Ang pakikipaglaban ay hindi laging sa ngalan ng kabatiran ng demokrasya o katapatan sa Amerika. Sila ay nagpamalas ng di-makasariling pakikibahagi sa pangkat-gerilya na nagpatingkad ng kanilang katutubong pakikipagkapwa.

Sa kabuuan, ang imahe ng mga Ayta para sa mga taga-labas ay may

pagkateritoryal, matatapang, at may maipagmamalaki sa kapayakan ng kalinangan. Kung ilalapat ang balangkas teoretikal ng pananaliksik ni Rodriguez, ang istilo at/o uri ng pagkakalahad ng mga etnograpihong impormasyon na nasa itaas ay pagpapatuloy ng pamanang intelektuwal na nagkahugis noong henerasyon nina Reed. Nananalaytay sa mga katagang ikinabit ng mga Amerikanong gerilyang etnograpo at awtor sa mga katutubo ang teorya ng Darwinismo:

Having fused “moral philosophy, scientific naturalism, and ethnographic sociology,” Darwinism provided a racial theory and ideology which framed and legitimized the ethnographic representations of the natives as “savage” or “senile” races.... Predicated on the principles of “natural selection” and “survival of the fittest”, it established the relationship between physical characteristics (or biological traits) and the level of civilization attained. As “good” physical traits were based on the Western ideals and associated with modernity, “poor” ones were associated with savagery, thereby reinforcing the superiority of the whites over the non-whites (Rodriguez 4).

Hindi man eksaktong replika ng “siyentipikong” mentalidad ng mga dalubhasang Amerikanong bumuo ng dating BNCT, hindi maitatangging ang eksaktong deskripsyon at pananaw ng mga ito ay muling nabuhay sa mga gerilya at Amerikanong awtor. Ang pagbibigay-diin sa “maliit” at “maitim” na pisikal na katangian ng Ayta, at “primitibong” pamumuhay na higit pang sinalungguhitan sa pagsasabing ito ay estado na ng kanilang pamumuhay sa ilang siglong nagdaan na ay matibay na ebidensya. At kung paanong may paniniwalang ang mga puting Amerikano ang may tangan ng kaisipang moderno, ganito rin ang natatagong pakahulugan sa ipinahayag ni Welch na walang muwang ang mga katutubo sa mga kalahi kung kaya walang mababakas na kahit gahiblang palatandaan ng pagiging “makabago” sa mga ito.

Hindi man nabura ang mga kaisipan at pananaw kaugnay ng superyoridad, humanga naman si Conner sa talino nina Maurio at Humbo na hindi makapaniwala nang sabihin niya ito. Sa pangkat daw kasi nila, hindi sila tinitingnan na ganon. Kapag nakausap daw ni Conner ang kanilang mga lider, siguradong may makikilala siyang talagang magagalang. Ang pag-uusap na ito ay nagkaroon ng malaking epekto sa Amerikano. Bigla niyang napagtanto na silang Amerikano ay may maling pagtingin sa mga katutubo: na dahil lamang hindi maalam mag-Ingles ang huli ay walang alam agad ang tingin ng una. Hinangaan niya ang kakayahan ng mga ito bilang mga mandirigma at nirespeto sila bilang

HASAAN

mandirigma. Tinawag niya itong kanyang mga kapatid (Welch 183).

Tunay na ang mga maliliit na nakakapuwing na ito ang nagligtas ng buhay ng mga Amerikano sa buong panahon ng digmaan. Ang istilo ng kanilang pamumuhay ay hindi kailangang iangkop sa nagbagong kalagayan ng bansa dahil ito ang akmang pamumuhay sa panahong iyon.

Hindi lamang mga Amerikanong gerilya ang nakaharap ng mga katutubo. Sa pagbabalik ng puwersang Amerikano, hindi naiwasang magbigay ang isang piloto ng unang impresyon sa mga Aytang sumalubong sa kanya sa kabundukan. Reaksyon nito (Decker 174):

And then after reaching the ground, to be surprised by strange looking savages. We had no idea the Negritos were part of the guerrillas and thought surely we'd end up in a pot of boiling water (Decker 174).

Ang bagong saltang Amerikanong ito sa kabundukan at ang mga tulad ni Conner na nakipanirahan sa mga katutubo nang may katagalan ay nagkakaisa sa mababang pagtingin sa “napag-iwanang klase ng pamumuhay” ng mga Ayta. Gayumpaman, ito ay hinaluan ng positibong pagtingin sa ilang aspekto ng katutubong kalinangan na madalas ay resulta ng naging kapakinabangan ng mga dayuhan.

Maliban sa kagamitang pandigma, nakatulong din sa mga gerilyang Amerikano ang katutubong kaalaman ng mga pantas ng kabundukan upang mailigtas sila sa mga nakamamatay na karamdaman. Ang mga katutubo ang tumayong doktor nila. Ang mga Amerikanong nasa pananaliksik na ito ay nagkasakit hindi lamang iisang beses mula nang sila ay tumakas hanggang sa manahanan sila sa gubat. Mga Negrito ang kanilang takbuhan na hindi sila binigong pagalingin kahit sa mga nakamamatay na sakit.

Dinapuan ng malaria si Conner bago pa mag-gerilya. Katutubo ang nagpagaling sa kanya. Naglaga ito ng halamang gamot na “dita” at ipinainom sa kanya. Ang kanyang buhay at lahat ng mayroon siya sa sandaling iyon ay utang niya sa Negritong manggagamot (Welch 91-93) o mang-anito (Reed 66). Nang magkasakit ang isang Pilipinong kasama nina Conner ng pinaniniwalaang beri-beri, gumawa ng halamang gamot si Frank Gyovai, kasamang Amerikanong gerilya, na siyang ginawa rin ng mga Negrito para kay Conner (Welch 169).

Mga batikang Negritong manggagamot din ang nagpagaling kay Gyovai na bigla na lamang bumulagta dahil sa pagkakabasa sa ulan at pagod. Inapoy siya ng lagnat at namumutla na nagtagal ng ilang araw. Tinangka ni Conner

na makakuha ng doktor sa kapatagan ngunit walang ibig magtungo. Tatlong babaeng Negritong tinawag na “hoodoo doctors” ang dumating at nagsagawa ng ritwal ng paggagamot:

The trio kneaded Gyovai like bread dough. Pounded here, pounded there, then showed Connera hard ball in the center of Frank’s stomach where, they said, the sickness had consolidated. They stripped bark off nearby trees and put it on the lump (Welch 216).

As Negritos rub herbs on Frank’s body they fan smoke from a smudge fire over him with fern palms. They rub and shout what sounds like gibberish. The medicine man brings out colored scarves, pulling them over Frank’s body, shouting additional incantations (Decker 149).

Nang matapos ang paggagamot, buong katiyakang sinabi ng tatlong manggagamot na di magtatagal ay gagaling ang maysakit. Pagsapit ng ikalimang araw mula nang gamutin, nakaupo na ito kahit nanghihina pa rin pero nagkaroon na ng ganang kumain (Welch 216).

Likas na mayaman sa mga organikong gamot ang kabundukan. Nang masira ang tiyan ni Bruce, pinaghalong dahon ng abokado at bayabas ang pinainom nina Sanchez. Pinakuluan ito sa kaldero at ang pinaglagaan ang ipinainom na mabisa naman (Sanchez-b). May ipinainom din silang iba pang mabisang halamang gamot sa mga ito (Paruman at Sanchez-b).

Pagsasanay at Paglusob ng mga Ayta sa mga Kalaban

Pinamunuan ni Conner ang mga Ayta ngunit si Sarhento Gaetano Bato ng USAFFE, nakaligtas sa Martsa ng Kamatayan at sa mahirap na buhay sa Kampo O’ Donnell (Welch 147), ang humasa sa kanilang potensiyal na may kinalaman sa kolektibong pagkilos at paglaban. Ilang buwan lamang ay buong kahusayang natutuhan ng mga Ayta ang mga pangunahing pagsasanay militar.

Setyembre 1944 nang pangunahan ni Bato ang mga gerilyang Ayta na lusubin ang Fort Stotsenberg habang umiigting na ang tagua’t habulan ng mga Amerikano’t Hapon. Napansin niyang maluwig ang pagbabantay kaya sa kaunang pagkakataon ay nakapasok at nakapangulimbat sila ng mga suplay, kabilang ang 50 tsaketa (coat) ng mga Hapon at ilang kaha ng de-lata (Welch 227).

HASAAN

Nakita rin ang disiplinang militar sa kanilang pagkamasunurin sa komandante. Tinupad nila ang atas sa abot ng kanilang makakaya na madalasan sa pasalitang paraan lamang. Sa pagsulong ng labanan sa kapatagan ng Tarlac mula sa Lingayen, napilitang umurong ang tropang Hapon sa kabundukan. Binuntutan sila ng mga gerilyang Ayta na nasa likuran lamang nila. Nakipagbambakan ang mga katutubo kapag may pagkakataon at madilim, sa may palumpong (bushes); sapagkat hindi nila kaya ang harapang paglaban (Wage 2).

Sa parte naman nina Paruman at Sanchez, bago pa magdigmaan ay tinuruan ng humawak ng baril gaya ng Springfield rifle na tinatawag nilang “tika-tika” (Paruman at Sanchez-a). Orihinal itong tumutukoy sa bolt ng mga baril, ngunit, ginamit na pantukoy ni Sanchez sa halos lahat ng uri ng baril na ginamit nila noon. Ginamit ni Paruman ang tika-tikang dala ni Bruce. Nakakukuha rin silang mga katutubo ng bayoneta o “pitbong” sa mga Hapong napapatay (Sanchez-a at dela Cruz-a). Sinanay man, “hindi na nagagamit ang training sa gera,” saad ni Paruman (Paruman).

May ilang aspekto ng panggegerilya nila ang hindi na nangailangan pa ng pagsasanay dahil bahagi na ito ng kanilang pang-araw-araw na gawain: ang kahusayan sa pagpana at epektibong paggamit ng patibong. Pinapana nina Sanchez ang mga Hapon dahil sa hindi sila makalapit. At aminado siyang may napatay siya dahil sa sadyang paglapit sa kanila (Paruman at Sanchez-b). Kapag pinana ang Hapon, ramdam nito ang pagtusok sa katawan pero walang ideya na napana na pala sila. Oras na mabatid ito, hahanapin nito kung saang direksyon ito nagmula. Kapag nagkataon namang:

napunta na sa kulong na lugar na walang daanan sila, binabagsakan na namin ng bato. Tapos matatamaan sila ng bato. Mayron ng pilay, mayron ng... babarilin na namin nang pilay-pilay na ang paa nila (Sanchez-a).

Gaya ng mga katutubong pinamunuan ni Conner, naghanda rin sina Sanchez ng mga kahoy na patibong na ikinalat sa mga daanan. Kapag nasagi o napatid, babaon ito sa tagiliran. Maraming Hapon ang nabiktima nito. Mayroon ding “pataning lily”:

Yung lily-ng parang patani rin, yon nakakamatay yon! Niluluto namin sa kawang malaki! Tapos iwanan namin. Dumating yung Hapon!... patay na lahat dahil ano ah hindi ma- parang nahilo sa kwan, nakainom ng alak. Gaganun-ganon na lang. Kinuha namin yung baril eh. Yon panglaban rin namin sa kanila din (Sanchez-a).

Napapasabak man sila, hangga't maaari ay iniwasan ang mga Hapon kapag una nilang namataan (Sanchez-b). Namumundok ang mga ito pero madalas ay hindi nila nakakaharap. Nagkakasalihan sila sa pag-akyat-baba ng bundok kaya halos hindi napasok ang pamayanang Ayta. Makatapak man sa interyor, napapatay rin nila (Paruman at Sanchez-b). Ang madalas nilang pag-iikot sa bundok ang nag-iwas sa kanila sa mga Hapon at ang matalas diumanong pang-amoy. Madali nila ngayong malaman ang presensiya ng mga ito (dela Cruz-a). Salaysay ni Sanchez, "Oo iba'ng amoy ng mga Hapon.... Para ring kaamoy natin sila pero iba naman ang amoy nila." Dagdag ni Paruman: "Amoy lupa dahil palaging natutulong na sa lupa," noong patapos na ang digmaan. Palatandaan din nila ang kalbong buhok sa pagtukoy ng kalaban (Paruman at Sanchez-b).

Setyembre 1944, umigting ang pagbira ng mga eroplanong Amerikano at inantabayanan ng mga gerilyang katutubo ang mga pilotong tumatakas ng mga bumagsak na eroplanong Amerikano at Hapon. May pangyayaring isang pilotong Hapon ang nakaligtas sa eroplanong nahulog. Iyon pala, inabangan ito ng limang Ayta, pinana at nagtamo ng maraming sugat kaya namatay. Kuwento ng isa sa kanila, kinain ang bato nito na pinaniniwalang lalong magpapaibayo ng angking katapangan. May isa pang istorya na tinusta naman ang laman ng isa ring pilotong Hapon bago kainin ng magkakamag-anak na katutubong gerilya. Binaril at pinana ito hanggang bawian ng buhay (Wage 2). Paliwanag ng isang Amerikanong kasapi ng 155th:

The Negritos have their own law. They have suffered at the hands of the Japanese and have vowed revenge and God help any pilot caught in the mountains. He will never see the "Land of the Rising Sun" again (Decker 164).

Pagkukunwari, Pangangalap ng Impormasyon, at Komunikasyon

Ang mga Ayta sa ilalim ni Bruce ay naging "Interior Guards, outposts, scouts and couriers." Makailang ulit silang sinalakay ng mga Hapon sa paghahanap ng mga gerilya nang hindi nalalaman na sila mismo ay mga gerilya:

The negritoes, proving good actors, feigned innocence, telling lies the Japs readily believed in sign language and never divulging the whereabouts of their organizers whom they were concealing, feeding, and giving everything they could within their means to give aid and comfort (Wage 1).

HASAAN

Isa pang nagpakita ng galing sa kanilang pagmamaang-maangan ay ang pagtanggig may alam sila sa pagbagsak ng eroplano kasama ang pilotong Hapon noong Disyembre, 1944. Isang nagngangalang Tarrosa ang napagtanungan ng mga sumaklolong Hapon. Nabalitaan ng mga ito na nabihag nilang mga Negrito ang kasamahang piloto. Ikinaila ni Tarrosa na may nalalaman siya. Naniwala ang mga Hapon sa paniniwalang walang politikal na pagkiling ang mga katutubong tulad niya (Wage 2).

Naging mautak at mahusay ang mga gerilyang Ayta. Nagamit at nakinabang sila at ang buong kagerilyahan sa maling persepsyon sa kanila ng mga kalaban. Tuwiran nilang nakakasalamuha ang mga ito kaya nakakukuha ng sariwa at mahahalagang impormasyon hinggil sa lagay ng puwersang Hapon. Dahil inosente ang pananaw sa kanila, walang muwang o pakialam sa kaguluhang nagaganap at sa makabayang kilusang gerilya, naging epektibong harang o pananggalang nila ito sa mga kalaban. Hindi na sila madalas gambalain pa na muli ay mainam para sa malayang pagtupad ng kanilang mga tungkulin bilang gerilya (Wage 2).

Ang pagkalap at pag-uulat ng mga kapani-paniwalang impormasyon ay nakatulong sa seguridad ni Bruce. Kapag namemeligrong matagpuan ng mga Hapon ang kinaroroonan, dinadala siya ng mga katutubo sa ligtas na lugar (Wage 2).

Ang mga may kakayahang mag-espiya ay nangangalap ng hinggil sa lakas ng kalaban, lokasyon, direksyon, lakas ng armas (Wage 2), at mga planong militar ng mga kaaway. Ipinapasa ang mga ito sa ibang gerilya na iuulat naman sa mga nagbalik na Amerikanong sundalo. Ang pagdating ng malaking grupo ng mga eroplanong Hapon para sa pagpapalakas ng puwersa sa Clark Field ay naipaalam nina Humbo at Mario. Napaghandaan ito kung kaya napabagsak ang mga ito sa pagpuntirya ng mga eroplanong Amerikano (Decker 162-164).

Samantala, Hulyo 1944 nang iutos ni Koronel Gyles Merrill, kinikilalang kumander ng lahat ng puwersang gerilya ng USAFFE sa Luzon, ang karagdagang pagtugaygay at mas mabuting komunikasyon sa yunit ni Conner. Sa panahong ito, ilang mga submarinong Amerikano ang napadpad sa dalampasigan sa kanlurang baybayin sakay ang mga pinuslit na transmitter, radyo, at isang makinilya na nakapagpabilis sa pakikipagtalastasan ni Conner kay Merrill at sa iba pa. Sa kauna-unahang pagkakataon mula nang bumagsak ang Bataan, nabuksan ang linya ng komunikasyon sa Timog-Kanluran ng Pasipiko, kasama ang Australya. Gusto ni Merrill na mangalap ng impormasyon ang grupo ni

Conner tungkol sa mga Hapon, lalo na sa mataong Fort Stotsenberg. Pabalik-balik ang mga mensaherong katutubo at Pilipino mula sa Silangang bahagi ng kabundukan ng Zambales kung saan naroroon si Conner, papunta sa punong-himpilan ni Merrill sa Kanluran nito, Hilagang-Silangan ng San Marcelino [sa Zambales]. Inaabot ng dalawa hanggang tatlong araw ang paglalakbay upang maihatid ng mga mananakbo ang mensahe (Welch 217).

Ang mga katutubo ring tagatakbo ang nautusan ng isang Amerikanong gerilya sa pagbibigay ng mapa kay Conner. Naglalaman ito ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga *camouflaged abutment* ng mga Hapon para sa kanilang mga eroplano, imbakan ng bala, at mga suplay ng panggatong. Ang plano ay maipasa ito kay Merrill at maibigay sa katatagpuing submarinong Amerikano na bahala namang magpasa sa mga Amerikanong kumander (Decker 170-171). Sa tulong ng mapa, napasabog ng mga eroplanong Amerikano ang mga nabanggit na imbakan ng panggatong at lugar ng imabakan ng bala (Decker 175). Sinabayan ng taktika ng pagsalakay-at-pagtakbo (hit-and-run tactics) ang puspusang pagtatrabaho sa pagdadala ng mga mensahe sa iba't ibang pangkat ng mga gerilyang hawak ng mga Amerikano (Decker 178). Ika-11 ng Enero 1945, panay pa rin ang takbo ng mga mensahero mula kay Merrill, Conner, Bruce, at iba pa, upang ikalat ang balitang nasa Luzon na ang mga tropang Amerikano (Decker 180). Sa kampo ni Conner, ang mga Negritong mensahero ang nagdala ng balitang si MacArthur ay nasa Luzon na (Schaefer 316). Ang malawak na network na ito ng komunikasyon sa Gitnang Luzon ay naging buhay at masigla dahil sa mga katutubo.

Isang malaking suliranin ang lumitaw na may kinalaman sa pagbabalik ng puwersang Amerikano: kung paano makokontak ang mga ito na halos imposible dahil kailangang tumawid sa mismong kinaroroonan ng mga kaaway. Nagawa ito sa tulong ng mga Ayta ng Squadron 30. Sila ang higit na nakaaalam ng landas sa gubat kaya 40 sa kanila ang gumawa ng misyon upang magbantay at gumiya ng mga tauhan ng Punong Himpilan ng Distritong Militar ng Timog Tarlac, kasama na rin si Bruce, mula Sitio Malasa papuntang Sitio Panting, pagkatapos ay sa Sitio Flora, at huminto sa Patling. Nilagpasan lamang nila ang puwersang Hapon na malapit lamang sa mga tinahak nilang daanan. Nang makarating sa Patling, sila ay sinalubong ng mga Amerikanong sakay ng mga kotseng dyip. Ang lahat ay naisakatuparan nang matagumpay dahil sa mga tapat na katutubong gerilya (Wage 2).

HASAAN

Pagbabantay at Pagliligtas sa mga Amerikano

Ang alertong pagbabantay ng mga Negrito ang susi sa pagiging ligtas ng mga Amerikanong namundok. Tuwing lulusob ang mga Hapon, sa ginawang butas sila nagtatago kasama si Bruce (Paruman at Sanchez-b). O kaya naman ay palipat-lipat sila ng lugar kung posibleng matunton ang kanilang lokasyon. Kasabay ng palipat-lipat na ito ay ang paulit-ulit na paggawa ng bahay nang walang kapaguran para kay Bruce. Sa pagdalaw naman nito sa mga nayon sa Timog na bahagi ng Tarlac upang mag-inspeksyon sa ibang mga kasaping gerilya, mga Negrito ang nauuna at nahuhuling bantay nito.

Sa kaso ni Bruce, mga pana ang ginamit ng mga Ayta upang maproteksyunan siya (Paruman at Sanchez-b). Sila ang gumagawa nito. Kuwento ni Sanchez, pinukpok nila ang pako, malalaking barya, o kahit ano pa mang bagay na gawa sa metal ng martilyo. Pagkatapos ay lalagyan ito ng kahoy at ng pambanat para maipana (Sanchez-a).

Muli, Setyembre 1944 nang maging panay ang lipad ng mga eroplanong Amerikano. May mga insidenteng bumabagsak ang mga ito sa lupa. Isang Amerikanong piloto ang tinulungan ng mga katutubong napag-utusang agad hanapin, tuntunin, at siguraduhin ang kaligtasan nito. Utang ng mga piloto ang buhay nila sa mga gerilyang Negrito na kumanlong, nagpakain, nagdamit, at nagprotekta sa kanila (Wage 1-2).

Si Sanchez at mga kasamang gerilya ay nasaklolohan naman si Ensign Allen Estover mula sa sumabit na parakayda sa puno ng Kabundukan ng Bamban habang binobomba ang Clark Field noon. Napasabog ng mga Hapon ang pinalilipad nitong eroplano, ngunit wala naman tinamong sugat. Habang nakalambitin ang piloto, kinumpirma nina Sanchez kung ito ba ay Amerikano o Hapon: “Ay kami dito sa baba kinakausap siya: ‘Japanese?’ ‘No,’ sabi niya, ‘American.’” Pagkatapos ay sila naman ang nagpakilala na mga gerilya. “USAFFE guerrilla, USAFFE guerrilla.” “Ah USAFFE,” ang tugon ni Estover na nagpapahiwatig na pamilyar sa kanya ang USAFFE. Nang magkakilanlan na, “O inipon na ‘yung kwan niya ‘yung parakayda niya. Saka na bumaba, bumagsak na ‘yung ano niya pati na ‘yung parakayda niya. Sinama na namin kay Bruce.” Nang maihatid nila kay Bruce, agad din itong umalis ng Bamban (Sanchez-a).

Ginawa rin ito ng mga katutubong gerilyang pinamunuan ni Conner. Kasama ang mga gerilyang Philippine Scout ay madalian ang kanilang pagsagip sa takot na maunahan sila ng mga Hapong bibihag sa mga ito.

Dadalhin ang mga ito sa napagkasunduang lugar ng mga gerilyang Ayta at Scout. Poprotektahan nila ang mga ito hanggang maibalik sa mga tropang Amerikano (Decker 168).

Hindi lamang mga Amerikano ang kanilang iniligtas at tinulungan, isang Welshman ng Manchester Regiment sa Singapore, dalawang taong bihag ng mga Hapon mula 1942, ang nakatakas sa tinorpedong barko ng mga Amerikano na patungo sana sa bansang Hapon. Lumubog ito sa Kanlurang baybayin ng Zambales. Lumangoy siya hanggang marating ang dalampasigan at matagpuan ng mga katutubo. Kinuwento ng mga Ayta ang tungkol sa 155th at sinamahan siya ng isang giya papunta sa kampo ni Conner (Decker 168).

Pagwawakas ng Giyera

Sa napipintong pagtatapos ng digmaan, sinalubong ng mga Ayta sa Capas ang mga dumating na hukbo ng Amerika. Kasama nila si Bruce na sumama na rin sa kapwa sundalong Amerikano. Subalit, bago ito ay tila nakipagtaguan muna sila sa mga tropang Hapon gaya ng nabanggit sa itaas. Bago lumisan, ayon kay Sanchez ay nangako si Bruce na “Bibigyan namin kayo ng ganti[mpala]... Babayaran namin ang inyong pag-alaga sa amin.” Bumisita ito kay Paruman pagkatapos ng giyera at nagwikang “Isasama na namin kayo sa [States. Alagaan na namin kayo nang mabuti dahil inalagaan ninyo kami rito sa Pilipinas.” Tumanggi sina Paruman dahil “iba’ng takbo ng buhay roon,” gaya ng ang wika ay Ingles na hindi naman nila gamay. At higit sa lahat, naniniwala si Paruman na kung mawawala silang mga katutubo at sakaling magkaroon muli ng giyera, matatalo ang Pilipinas. Nakita naman sa digmaan kung paanong sila ay nakipagtulungan sa mga gerilyang Tarlakenyo (Paruman) na isang malaking dahilan sa pagwawagi sa mga Hapon.

Ang tulong na ipinangako sa kanila ni Bruce ay ang pagtiyak na mapapabilang ang kanilang mga pangalan sa opisyal na listahan ng Amerika sa mga gerilyang sumabak sa giyera. Nakalulungkot at hanggang ngayon ay ipinaglalaman pa rin nina Paruman at Sanchez ang pagkilala sa kanila ng sarili nating pamahalaan kahit tinupad ni Bruce ang binitiwang salita (Paruman at Sanchez-b). Ang listahan na isinumite ni Bruce ay nasa US National Archives, ayon sa historyador ng Bamban na nakausap ng mananaliksik, na may personal na kopya rin. Nakapasok man ang mga pangalan ng mga nakapanayam na gerilya, hindi naman sila kinikilala ng Office of the Adjutant General (OTAG) kung kaya wala ang pangalan nila sa listahan dito sa bansa. Tinangka nilang mag-aplay

HASAAN

sa ahensya para sa pagkilala ngunit hindi tinatanggap ang papeles nila (dela Cruz-b). Tanda ito ng nananatiling di-patas na pagtrato sa mga katutubo.

Ang OTAG ang inatasang mangasiwa at magproseso ng mga rekord pangmilitar ng mga beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Cajuguiran). Ang kawalan ng rekord dito ay katumbas ng kawalan ng lahat ng benepisyong tinatanggap ng isang beterano mula rito sa Pilipinas at Amerika (Gutierrez).

Sa pagsasara ng yugtong ito sa buhay ng mga Pilipinong Ayta, buong pagmamalaking ipinahayag nina Paruman at Sanchez na nagpamalas ng pagkakaisa ang mga katutubo. Walang nagtaksil at pumanig sa mga Hapon. Kung tatanungin kung sila ay nakibaka para rin sa Pilipinas, umoo agad si Sanchez. Sang-ayon din siyang bilang isang Pilipino, dapat lamang lumaban sa ngalan ng bayan. Paliwanag naman ni Paruman, “para matulungan natin ang bayan nating Pilipinas” (Paruman at Sanchez-b).

Konklusyon

Ang mga Amerikanong gerilyang naitulak pabundok ng nangyaring digmaan at pagsakop ng mga Hapon sa bansa ay nakaharap, nakahalubilo, at nakipisan sa kauna-unahang pagkakataon sa mga mamamayan ng kabundukan, ang mga Negrito. Sila ay nagsilbing etnografo ng panahong iyon dulot ng kalinangang katutubo na kumuha ng kanilang pansin, interes, at paggalang para sa ilan.

Ang ugnayang Ayta-Amerikano noong digmaan ay nagbukas ng pagkakataong maitama ng huli ang ilang maling persepsyon sa una. Nagsilbi ring guro at tagagabay ang mga Ayta sa mga Amerikano sa usapin ng kaligtasan at pananatiling buhay sa buong panahon ng okupasyong Hapon. Dahil sa mga papel na ito ng mga katutubo, kakaibang proseso ng akulturasyon ang naganap sa panahon ng digmaan. Kailangang kilalanin ang kanilang natatanging ambag sa kasaysayan.

Ang mga Ayta ay mga bayani ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil sa mga likas na katangiang taglay nila at sa kanilang kulturang hinubog ng mahabang kasaysayan ng ugnayan sa kabundukan at kalikasan.

Mga Sanggunian

PRIMARYANG BATIS

Aklat

Hunt, Ray C. at Bernard Norling. *An American Guerrilla in the Philippines: Behind Japanese Lines*. USA: University Press of Kentucky, 1986. Nakalimbag.

Lapham, Robert at Bernard Norling. *Lapham's Raiders: Guerrillas in the Philippines, 1942-1945*. Kentucky: University Press of Kentucky, 1996. Nakalimbag.

Ramsey, Edwin at Stephen J. Rivele. *Lieutenant Ramsey's War: From Horse Soldier to Guerrilla Commander*. USA: Brassey's USA, 1996. Nakalimbag.

Reed, William Allan. "Negritos of Zambales." *Ethnological Survey Publications, 1904*. II.1. Web. 18 Pebrero 2015.

Artikulo

Bourne, Edward Gaylord. "Historical Introduction." *The Philippine Islands, 1493-1898*. Ed.

Emma Helen Blair and James Alexander Robertson. 1st Printing, 1903. CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor). Volume 1.

Dokumento

Bacon, Lord. "Remarks on the Philippine Islands", 1819-1822. *The Philippine Islands, 1493-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson. 1st Printing, 1903. CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor). Volume 51.

"Description of the Philippines Islands," 1618. *The Philippine Islands, 1493-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson. 1st Printing, 1903. CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor). Volume 18.

Diaz, Casimiro (OSA). "Conflicts between civil and ecclesiastical authorities," 1635 – 1636. *The Philippine Islands, 1493-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson. 1st Printing, 1903. CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor). Volume 25.

Perez, Father Fray Domingo. "Relation of the Zambals: Relation of the Zambal Indians of Playa Honda, their Situation and Customs, Year of 1680." *The Philippine Islands, 1493-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson. 1st Printing, 1903. CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor). Volume 47

"The Augustinian Recollects in the Philippines" [from Provincia de San Nicolas de Tolentino de Agustinos descalzos (Manila, 1879)]. *The Philippine Islands, 1493-1898*. Ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson. 1st Printing, 1903. CD-ROM Edition, 2000 (certain portions © Antonio E.A. Defensor). Volume 28.

Wage, Melencio R. "Brief Official History of Squadron 30 (Negritoes Special Troops). 12 October 1945. Kopya mula sa Rhonie Dela Cruz Collection ng Bamban Historical Society/Bamban Museum of History.

Personal na panayam

Dela Cruz, Rhonie. Ika-24 ng Enero 2015(a) at ika-8 ng Hulyo 2014(b).

Gutierrez, Pedro "Papa Janny" E. Ika-21 ng Abril 2010.

Paruman, Pan. Ika-8 ng Hulyo 2014.

Sanchez, Emiliano. Ika-24 ng Enero 2015(a) at ika-8 ng Hulyo 2014(b).

HASAAN

Personal na komunikasyon

Cajuguiran, Raquel A. "Response on Inquiry on Reconition." E-mail sa may-akda. 20 Enero 2015.

SEKONDARYANG BATIS

Aklat

Baclagon, Uldarico. *Heroes of World War II*. Makati: Agro Printing & Publishing House, 1980.
Nakalimbag. de Jesus, Ramon V. Zambales. Metro Manila: Union Zambaleña, 1990. Nakalimbag.

Decker, Malcolm. *On a Mountainside: The 155th Provisional Guerrilla Battalion Against the Japanese on Luzon*. South Korea: Barbed Wire Publishing, 2004. Nakalimbag.

Dizon, Lino L. *East of Pinatubo: Former Recollect Missions in Tarlac and Pampanga (1712-1898)*. Lungsod ng Angeles, Pilipinas: PIMA Press, 1998. Nakalimbag.

Meixsel, Richard B. *Clark Field and the U.S. Army Air Corps in the Philippines: 1919-1942*. Philippines: New Day Publishers, 2002. Nakalimbag.

Noval-Morales, Daisy Y. at James Monan. *A Primer on the Negritos of the Philippines*. Maynila: Philippine Business for Social Progress, 1979. Nakalimbag.

Schaefer, Chris. *Bataan Diary: An American Family in World WarII, 1941 – 1945*. Houston, Texas: Riverview Publishing, 2004. Nakalimbag.

Welch, Bob. *Resolve: from the jungles of WWII Bataan, the epic story of a soldier, a flag, and a promise kept*. New York: Berkeley Caliber, 2012. Nakalimbag.

Artikulo

Dela Cruz, Rhonie. "Vincit, Amor, Patriae: The USAFFE Guerilla Movement in Bamban Area." *Bamban Historical Society (BHS) Journal*. 2.2 (2005): 1-11. Nakalimbag.

Rodriguez, Mary Jane B. "Reading a Colonial Bureau: The Politics of Cultural Investigation of the Non-Christian Filipinos." *Social Science Diliman* 6.1 (January-June 2010): 1-27. Web. 30 May 2015.

Tesis

Bactad, Voltaire A. "A historical study on the guerrilla movement in the Province of Zambales during the Japanese Occupation, 1942-1945." Thesis. University of the Philippines Baguio, 1994.

Lane, Megan. "Hoodoo Heritage: A Brief History of American Folk Religion." Thesis. University of Georgia, 2008. Web. 6 June 2015.